



NANOS

Patient Brochure

Optic Disc Drusen

Copyright © 2015. North American Neuro-Ophthalmology Society. All rights reserved. These brochures are produced and made available "as is" without warranty and for informational and educational purposes only and do not constitute, and should not be used as a substitute for, medical advice, diagnosis, or treatment. Patients and other members of the general public should always seek the advice of a physician or other qualified healthcare professional regarding personal health or medical conditions.

Optic Disc Drusen

Nasuri ka ng doctor na may optic disc drusen. Ito ay isang abnormal pag-ipon ng mga maprotinang bagay sa optic disc sa harap ng ugat ng mata. Hanggang sa kasalukuyan, hindi pa rin naitutukoy ang dahilan ng optic disc drusen ngunit ayon sa pagsasaliksik, ito ay buhat ng abnormal na daloy ng mga materyal sa ugat ng mata.

Ang optic disc drusen ay nagaganap sa 1% ng populasyon at mas madalas nakikita sa Caucasians. Sa $\frac{3}{4}$ ng mga kaso, ito ay nakikita sa magkabilang mata. Ang optic disc drusen ay maaring mamana mula sa ating mga magulang na mayron nito.

Ang optic disc drusen ay wala pagkapanganak at hindi madalas makita sa mga kabataan. Habang tumatagal, ito ay naiipon sa ugat ng mata at tumitigas. Ang karaniwang edad na kung saan ang optic drusen ay unang nakikita sa mga may edad 12 taon. Karaniwan sa mga ito na nagkakaroon ng maraming ugat na umuusbong mula sa ugat ng mata.

Habang tumatagal, tumitigas ang optic disc drusen at nagiging prominente. Ito ay hindi karaniwang nakikita o hindi karaniwang may kaugnayan sa ibang sakit ng mata o ng katawan.

Sintomas

Ang optic disc drusen ay karaniwang napapansin tuwing ineeksamin ang mata. Kadalasan ay walang nararamdaman ang tao sa kanyang paningin. Minsan ay mga kumikislap na ilaw sa paningin na nagtatagal ng ilang Segundo o di kaya'y may parte na paningin na nawawala. Ang pag-angat ng ugat ng mata ay maaaring mapagkamalang papilledema. Ito ay ang pamamaga ng ugat ng mata buhat ng mataas ng presyon sa ulo. Ang papilledema ay delikado kaya kelangan ng kaukulang gamot mula sa isang neurologist, neurosurgeon or sa emergency room.

Pagsuri

Ang optic disc drusen ay maaring nakabaon sa mismong ugat ng mata o sa taas nito. Kapag ito ay nasa taas ng ugat ng mata, makikita ang mga ito bilang mga dilaw na bagay. Kapag ang drusen ay nakabaon sa ilalim ng optic disc, ito ay makikita lamang sa pamamagitan ng ultrasound.

Kapag tumigas na ang drusen, maari rin itong makita sa pamamagitan ng CT scan. Ang pagsuri sa Visual fields ay importante upang masuri ang buong bahagi ng paningin ng tao.

Prognosis

Karamihan sa mga pasyenteng may optic disc drusen ay may normal na paningin. Ngunit, habang tumatagal, 70% ng mga pasyente ay nagkakaroon ng pagkasira ng gilid ng paningin. Kung kaya, ang pagsuri sa visual field ay kelangang gawin upang maiwasan ang pagkasira ng paningin. Ang mga

pasyenteng may drusen ay maaring magkaroon ng anterior ischemic optic neuropathy (NAION) o pagbara ng ugat sa mata (CRVO, BRVO).

Management and Treatment

Walang kaukulang gamot ang optic disc drusen. Kelangan lamang madalas masuri ang visual fields upang maagapan ang paglaki ng nawawalang bahagi ng paningin. Maari ring magkaroon ng mga maliit na ugat na tinatawag na choroidal neovascular membrane (CNV) sa tabi ng optic disc. Ito ay maaring magdugo and magsanhi ng pagkawala ng paningin. Mahalaga na maagapan ito upang maiwasan ang pagkawala ng paningin.

Mga madalas na tanong:

Bakit ako nagkaroon ng optic disc drusen?

Ang optic disc drusen ay sanhi ng abnormal na pagtipon ng mga maprotinang mga materyal sa ugat ng mata. Hanggang sa kasulukuyan, hindi pa alam ang dahilan nito. Sa ibang indibidwal, ang pagtipon ng mga materyal ay namamana mula sa magulang.

Pano ito sinusuri ng doctor?

Ang doctor mo ay sinusuri ito sa pamamagitan ng eksaminasyon gamit ang ultrasound o CT scan.

Lumulubha ba ang optic disc drusen?

Ang bilang at laki ng optic disc drusen ay sadyang lumalaki habang tumatagal.

Makakaapekto ba ito sa ibang miyembro ng pamilya?

Oo, ang optic disc drusen ay namamana. Ang mga kapamilya ng mga pasyenteng mayroon nito ay nararapat mapayuhan at sumailalim sa screening. Ang optic disc drusen ay hindi madalas makita sa mga bata < 4 taon gulang.

Kailangan bang malaman ng ibang mga doktor at iba kong kamag-anak ang aking kondisyon?

Oo, makakatulong ito para sa mga doktor o sa mga kamag-anak na nangangalaga sa pasyente na malaman ang tungkol sa iyong sakit. Kailangan nilang malaman na wala kang papilledema.